PROPOSISYON

# 4 PINAHIHINTULUTAN ANG MGA BONO PARA SA LIGTAS NA INUMING TUBIG, PAG-IWAS SA WILDFIRE, AT PAGPROTEKTA SA MGA KOMUNIDAD AT MGA LIKAS NA LUPAIN MULA SA MGA PANGANIB SA KLIMA. BATAS NG LEHISLATURA.



## OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 75 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Pinahihintulutan ang $10 bilyon sa mga bono ng pangkalahatang obligasyon ng estado para sa iba't ibang proyekto upang bawasan ang mga panganib at epekto sa klima: $3.8 bilyon para sa ligtas na inuming tubig at katatagan ng tubig; $1.95 bilyon para sa pag-iwas sa wildfire at pagpapagaan ng napakatinding init; $1.9 bilyon para sa proteksyon ng mga likas na lupain, parke, at wildlife; $1.2 bilyon para sa proteksyon ng mga baybaying lupain, look, at karagatan; $850 milyon para sa malinis na enerhiya; at $300 milyon para sa agrikultura.
- Inuuna ang mga proyektong pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad.
- Nag-aatas ng mga taunang audit.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang mabayaran ang mga bono.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mas mataas na gastos ng estado na humigit-kumulang $400 milyon taun-taon sa loob ng 40 taon upang mabayaran ang bono.

| Tantiya ng Gastos sa Bono ng Estado | |
|---|---|
| Halagang hiniram | $10 bilyon |
| Average na gastos sa pagbabayad | $400 milyon bawat taon sa loob ng 40 taon |
| Pinanggalingan ng pagbabayad | Kita sa pangkalahatang buwis |

PINAL NA MGA BOTO NG LEHISLATURA SA SB 867 (PROPOSISYON 4)
(KABANATA 83, MGA BATAS NG 2024)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 33 | Mga Hindi 6 |
| Asembleya | Mga Oo 66 | Mga Hindi 6 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

# PINAGMULAN

***Nagbabayad ang Estado para sa mga Likas na Yaman at mga Aktibidad sa Klima.*** Ang estado ay nagbabayad para sa maraming aktibidad na naglalayong pangalagaan ang mga likas na yaman, gayundin ang pagtugon sa mga dahilan at epekto ng pagbabago ng klima ("mga likas na yaman at aktibidad sa klima"). Ang mga aktibidad na ito ay nakatuon sa pagpaparami ng tubig na magagamit, pangangalaga sa lupa upang makinabang ang mga isda at wildlife, pagpaparami ng mga pagkakataon para sa libangan sa mga pang-estado at lokal na parke, at iba pang mga layunin. Sa ilang mga kaso, ang mga ahensya ng pamahalaan ng estado ay gumaganap ng mga aktibidad para sa likas na yaman at klima. Sa ibang mga kaso, ang estado ay nagbibigay ng mga gawad at pautang sa mga lokal na pamahalaan, mga organisasyong hindi para sa tubo, at mga negosyo upang suportahan ang mga katulad na aktibidad.

***Nagbabayad ang Estado para sa mga Aktibidad sa Likas na Yaman at Klima sa Iba't Ibang Paraan.*** Minsan ang estado ay nagbabayad nang pauna para sa mga aktibidad sa likas na yaman at klima gamit ang pera na mayroon na ito. Sa ibang mga kaso, binabayaran ng estado ang mga aktibidad na ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga bono. Ang mga bono ay isang paraan ng estado sa paghiram ng pera at saka babayaran ang pera na may dagdag na interes sa paglipas ng panahon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bono, tingnan ang "Pangkalahatang-tanaw sa Utang ng Estado sa Bono" sa bandang huli ng gabay na ito.

Sa nakalipas na dekada, ang estado ay pangkaraniwang gumagasta ng humigit-kumulang $13 bilyon bawat taon (taon-taon) sa mga aktibidad sa likas na yaman at klima. Humigit-kumulang 15 porsiyento ng halagang ito ay mula sa mga bono. Ang estado ay mayroon pang ilang bilyong dolyar na natitira mula sa mga naunang bono para sa likas na yaman at klima na hindi pa nailalaan para sa mga partikular na aktibidad.

***Ang mga Lokal at Pederal na Pamahalaan ay Nagbabayad din para sa mga Katulad na Aktibidad.*** Bilang karagdagan sa pagpopondo ng estado, ang ibang mga entidad ay nagbabayad din para sa mga aktibidad sa likas na yaman at klima. Halimbawa,

sa ilang lugar, ang mga lokal na pamahalaan ay nagbabayad para sa imprastraktura ng tubig at enerhiya bilang bahagi ng kanilang mga tungkulin bilang mga lokal na utilidad. Ang mga lokal na pamahalaan tulad ng mga lungsod at county ay nagbabayad din para sa mga lokal na parke. Ang pederal na pamahalaan ay nagbabayad din para sa iba't ibang aktibidad sa likas na yaman at klima. Halimbawa, ang pederal na pamahalaan ay nagbibigay ng pera upang mapabuti ang mga lokal na sistema ng inuming tubig at upang bumuo ng imprastraktura ng enerhiya.

## MUNGKAHI

***Bagong Bono para sa mga Aktibidad sa Likas na Yaman at Klima.*** Ang Proposisyon 4 ay nagpapahintulot sa estado na magbenta ng $10 bilyong bono para sa mga aktibidad sa likas na yaman at klima. Karamihan sa pera ng bono ay gagamitin para sa mga pautang at gawad sa mga lokal na pamahalaan, mga tribo ng Katutubong Amerikano, mga hindi nagtutubong organisasyon, at mga negosyo. Ang ilang pera mula sa bono ay magagamit din ng mga ahensya ng estado upang gastusin sa mga aktibidad na pinapatakbo ng estado.

***Ang Pagpopondo ay Magbabayad para sa Iba't Ibang mga Aktibidad.*** Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, nagbabayad ang Proposisyon 4 para sa mga aktibidad sa loob ng walong malawak na kategorya, bawat isa ay may iba't ibang hangarin. Ang ilan sa mga pangunahing aktibidad sa bawat kategorya ay isinabuod sa ibaba:

Pigura 1

**Mga Pangunahing Layunin ng mga Pondo sa Bono ng Proposisyon 4**

(Sa Milyon)

| Kategorya | Mga Pangunahing Hangarin | Halaga |
|---|---|---|
| **Tagtuyot, Baha, at Suplay ng Tubig** | Dagdagan ang dami at kalidad ng tubig na magagamit ng mga tao at bawasan ang panganib ng pagbaha. | $3,800 |
| **Kalusugan ng Kagubatan at Pag-iwas sa Wildfire** | Pagbutihin ang kalusugan ng mga kagubatan at protektahan ang mga komunidad mula sa mga wildfire. | 1,500 |
| **Pagtaas ng Lebel ng Dagat at mga Lugar ng Baybayin** | Bawasan ang mga panganib mula sa pagtaas ng lebel ng dagat, ibalik ang mga lugar ng baybayin, at protektahan ang mga isda. | 1,200 |
| **Konserbasyon ng Lupa at Pagpapanumbalik ng Habitat** | Protektahan at ibalik ang mga natural na lugar. | 1,200 |
| **Imprastraktura ng Enerhiya** | Suportahan ang paglipat ng estado sa mga mas napapanibagong mapagkukunan ng enerhiya, gaya ng hangin sa offshore. | 850 |
| **Mga Parke** | Palawakin, baguhin ang yari, at kumpunihin ang mga lokal at pang-estadong parke | 700 |
| **Matinding Init** | Bawasan ang mga epekto ng matinding init sa mga komunidad. | 450 |
| **Mga Sakahan at Agrikultura** | Tulungan ang mga sakahan na makatugon sa mga epekto ng pagbabago ng klima at maging mas maipagpapatuloy. | 300 |
| **Kabuuan** | | **$10,000** |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY



- ***Tagtuyot, Baha, at Suplay ng Tubig ($3.8 Bilyon).*** Halos kalahati ng perang ito ay para sa mga aktibidad upang mapataas ang dami at kalidad ng tubig na magagamit ng mga tao ($1.9 bilyon). Kabilang dito ang pag-iimbak ng tubig upang magamit ito sa mga darating na tagtuyot, gayundin ang paglilinis ng maruming tubig upang maging ligtas itong inumin Gagamitin din ang pera upang makatulong na mabawasan ang panganib ng mga baha, gaya ng pagkukumpuni ng mga dam at pagkuha at muling paggamit ng tubig-bagyo ($1.1 bilyon). Ang natitirang pera ay gagamitin sa iba't ibang aktibidad, tulad ng pagpapanumbalik ng mga ilog at lawa.
- ***Kalusugan ng Kagubatan at Pag-iwas sa Wildfire ($1.5 Bilyon).*** Ang lahat ng perang ito ay susuporta sa mga aktibidad upang mapabuti ang kalusugan ng mga kagubatan at mabawasan ang panganib ng malala at mapanirang sunog. Kasama rito ang pagnipis ng mga puno sa mga kagubatan na masyadong makapal at paglilinis ng mga halamang malapit sa mga lugar kung saan nakatira ang mga tao. Gagamitin din ang pera para sa iba pang mga aktibidad, tulad ng pagtulong sa mga may-ari ng bahay na gawing mas may pananggalang ang kanilang mga ari-arian mula sa pagkasirang dulot ng wildfire.
- ***Pagtaas ng Lebel ng Dagat at mga Baybaying Lugar ($1.2 Bilyon).*** Karamihan sa perang ito ay gagamitin para sa mga aktibidad upang mapanumbalik sa mga baybaying lugar at protektahan ang mga ito mula sa mga epekto ng pagtaas ng lebel ng dagat ($890 milyon). Maaaring kabilang dito ang pagpapanumbalik ng mga basang lupa upang magsilbing depensa ang mga ito sa pagtaas ng lebel ng dagat. Ang natitira sa perang ito ay gagamitin upang mapabuti ang mga tirahan sa karagatan at protektahan ang mga isda at iba pang wildlife ($310 milyon).
- ***Pangangalaga sa Lupa at Pagpapanumbalik ng Tirahan ($1.2 Bilyon).*** Ang perang ito ay gagamitin upang protektahan at mapanumbalik ang lupa para sa kapakinabangan ng mga isda at wildlife. Halimbawa, maaaring suportahan nito ang pagbili ng lupa upang isasantabi para hindi magawan ng pagtatayo.
- ***Imprastraktura ng Enerhiya ($850 Milyon).*** Mahigit sa kalahati ng perang ito ay susuporta sa pagbuo ng mga wind turbine sa baybayin ng California ($475 milyon). Karamihan sa natitirang pera ay gagamitin para sa pagtatayo ng imprastraktura tulad ng mga linya ng transmisyon upang magdala ng kuryente sa malalayong distansya ($325 milyon). Ang natitirang pera ay gagamitin para sa mga proyekto na magtatayo ng malalaking baterya na mag-iimbak ng kuryente para sa oras na kailanganin ito ($50 milyon).
- ***Mga Parke ($700 Milyon).*** Ang bulto ng perang ito ay susuporta sa iba't ibang aktibidad na nagpapalawak ng mga pagkakataon sa libangan sa mga parke o nagbabawas sa mga epekto ng pagbabago ng klima sa mga parke ($300 milyon). Ang mga aktibidad na ito ay maaaring kinabibilangan ng pagdaragdag ng mga bagong landas at mga lugar na paradahan. Ang ilan sa perang ito ay magbibigay ng mga gawad sa mga lokal na komunidad upang magtayo ng mga bagong parke o mag-ayos ng mga kasalukuyang parke ($200 milyon). Ang natitirang bahagi ng perang ito ay gagamitin upang kumpunihin ang mga parke ng estado at magbigay ng edukasyon tungkol sa kalikasan ($200 milyon).
- ***Matinding Init ($450 Milyon).*** Ang malaking bahagi ng perang ito ay gagamitin para sa mga aktibidad na nakatuon sa pagprotekta sa mga komunidad mula sa matinding init ($200 milyon). Maaaring kabilang sa mga aktibidad na ito ang pagdaragdag ng mga puno at berdeng espasyo. Ang pera ay susuporta rin sa mga lugar na maaaring puntahan ng mga tao sa panahon ng mga heatwave o kalamidad ($100 milyon). Ang natitirang pera ay magbibigay ng mga gawad para sa mga lokal na komunidad upang magsagawa ng mga aktibidad na nagbibigay ng mga benepisyong pangkapaligiran, tulad ng pagbabawas ng polusyon sa hangin ($150 milyon).
- ***Mga Sakahan at Agrikultura ($300 Milyon)*** Karamihan sa perang ito ay gagamitin para sa mga aktibidad na humihikayat sa mga magsasaka na pahusayin ang kalusugan ng lupa, bawasan ang polusyon sa hangin, at gumamit ng mas kaunting tubig ($105 milyon). Susuportahan din ng perang ito ang mga hardin ng komunidad at mga pamilihan ng mga magsasaka, gaya ng pagbili ng mga canopy para sa lilim ($60 milyon). Ang natitirang bahagi ng perang ito ay susuporta sa iba't ibang aktibidad, tulad ng pagbili ng mga van para ihatid ang mga manggagawang bukid at pangangalaga sa lupang sakahan.

***Nagtatatag ng Iba Pang mga Kinakailangan para sa Paggamit ng mga Pondo.*** Ang Proposisyon 4 ay nag-aatas na ang pera sa bono ay gagamitin sa mga partikular na paraan. Halimbawa, hindi bababa sa 40 porsyento ng pera sa bono ay dapat gamitin para sa mga aktibidad na direktang pinakikinabangan ng mga komunidad na may mas mababang kita o mas mahina sa mga epekto ng pagbabago ng klima. Ang Proposisyon 4 ay nag-aatas din ng regular na pampublikong pag-uulat kung paano ginagastos ang pera sa bono.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mas Mataas na Gastos ng Estado na Humigit-kumulang $400 Milyon Taun-taon para sa 40 taon upang Mabayaran ang Bono.*** Ang tinantiyang gastos sa pagbabayad ng bono ay magiging **humigit-kumulang $400 milyon taun-taon sa loob ng 40 taon.** Gagawin ang mga pagbabayad mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado para bayaran ang karamihan ng mga serbisyong pampubliko, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga kulungan.) Mas mababa ito kaysa kalahati ng 1 porsyento ng kabuuang badyet sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Dahil kailangang magbayad ng interes ang estado sa perang hinihiram nito, ang kabuuang halaga ng bono ay magiging humigit-kumulang 10 porsiyento na mas mataas (pagkatapos ng pag-aakma para sa implasyon) kaysa kung binabayaran ng estado nang pauna gamit ang perang taglay na ito.

***Malamang na Mabawasan ang Lokal na mga Gastos para sa Mga Aktibidad sa Likas na Yaman at Klima.*** Ang pagkakaroon ng mga pondo ng bono ng estado ay maaaring magkaroon ng iba't ibang epekto sa pananalapi sa mga lokal na pamahalaan. Sa ilang mga kaso, ang karagdagang pagpopondo ng estado ay maaaring pumalit sa pera ng lokal na pamahalaan na kung hindi man ay kakailanganin upang magbayad para sa isang proyekto. Halimbawa, maaaring kabilang dito ang paggamit ng pondo ng bono upang suportahan ang isang mahalagang pasilidad sa paggamot ng tubig na kung hindi ay kailangang pondohan ng lokal na pamahalaan nang mag-isa. Sa ibang mga kaso, gayunpaman, ang pagkakaroon ng pondo ng estado ay maaaring humikayat sa mga lokal na pamahalaan na gumastos ng mas maraming pera upang magtayo ng mas malaking mga proyekto kaysa gagawin sana nila. Halimbawa, maaaring kabilang dito ang pagdaragdag ng mga karagdagang amenidad sa isang lokal na parke. Sa kabuuan, malamang na magreresulta ang Proposisyon 4 sa mga matitipid para sa mga lokal na pamahalaan. Ang halaga ng mga matitipid na ito ay hindi tiyak ngunit maaaring magkaroon ng average na sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa susunod na ilang dekada.

***Posibleng Pang-estado at Lokal na Matitipid kung ang Pagpopondo ay Makakapigil sa mga Kalamidad.*** Kung ang mga pondo ng bono ay magreresulta sa pagkumpleto ng mga aktibidad na nagpapababa ng panganib o dami ng pinsala mula sa mga kalamidad, maaari nitong mabawasan ang gastos ng estado at lokal na pamahalaan sa pagtugon sa at pagbangon mula sa mga pangyayaring iyon. Halimbawa, ang pagpapabuti ng isang levee ay maaaring makabawas sa dami ng pagbaha na nangyayari. Bilang karagdagan, ang pagnipis ng mga puno sa kagubatan ay maaaring magpababa ng tindi ng mga wildfire. Ang halaga ng mga posibleng matitipid ay hindi tiyak.

**Bisitahin ang *sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.**

**Bisitahin ang *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.**

Para sa buong teksto ng Proposisyon 4, tingnan ang pahina 75.